



Paano Kami Nagpapasya kung Kayo ay Mayroong Kuwalipikadong Kapansanan pa rin

Ano ang nasa loob

Lilikumin namin ang impormasyon	1
Aming rerepasuhin ang mga katotohanan	1
Paano naaapektuhan ang inyong mga benepisyo	2
Pakikipag-ugnayan sa Social Security	2

Sa karamihang mga kaso, binabasa ninyo ang leaflet na ito dahil kakatanggap lang ninyo ng liham na nagsasabing rerepasuhin namin ang inyong medikal na kondisyon. Inuutos sa amin sa ilalim ng batas na repasuhin, pana-panahon, ang kasalukuyang medikal na kondisyon ng lahat ng mga tao na tumatanggap ng mga benepisyo para sa kapansana para matiyak na patuloy pa rin silang mayroong kuwalipikadong kapansanan.

Karaniwan, kung ang inyong kalusugan ay hindi gumaling, o kung hinahadlangan pa rin kayo sanhi ng inyong kapansanan na makapagtrabaho, patuloy kayong makakatanggap ng inyong mga benepisyo.

Lilikumin namin ang impormasyon

Para makatulong sa aming pagdedesisyon, una sa lahat ay lilikom kami ng bagong impormasyon tungkol sa inyong medikal na kondisyon.

- Hihilingin namin sa inyong mga doktor, ospital, at iba pang mga pinagkukuhan ng medikal na tulong ang inyong mga medikal na rekord. Tatanungin namin sila kung paano nahahadlangan ng inyong medikal na kondisyon ang inyong mga gawain, ano ang nakalagay sa mga medikal na eksaminasyon, at kung anong mga paggagamot ang naibigay sa inyo.
- Kung kailangan namin ng mas maraming impormasyon, hihilingin namin sa inyong kumuha ng isang espesyal na eksaminasyon o pagsusuri na babayaran namin.

Aming rerepasuhin ang mga katotohanan

Susunod, susuriin namin kung ano ang inyong naging medikal na kondisyon nang huli naming nirepaso ang inyong kaso. Titingnan rin namin ang anumang bagong mga problema sa kalusugan na mayroon kayo.

Kami ay magdedesisyon kung gumaling na o hindi ang inyong medikal na kondisyon. Kung magpasya kaming ang inyong medikal na kondisyon ay humusay na, magpapasya kami kung sapat na ang pagkakagaling ninyo o hindi upang makapagtrabaho.

Susuriin rin namin kung ang inyong pangkalahatang medikal na kondisyon ay nakaka-apekto sa uri ng trabaho na ginagawa ninyo. Tapos, titingnan namin ang mga kahilingan ng trabaho na ginawa ninyo noong nakaraan at ang mga kahilingan para sa anumang uri ng trabaho na maaaring magawa ninyo ngayon.

Paano naapektuhan ang inyong mga benepisyo

Kung humusay na ang inyong medikal na kondisyon, at nagpasya kaming makakapagtrabaho na kayo, ihihinto ang inyong mga benepisyo.

Mahihinto rin ang inyong mga benepisyo sanhi ng kapansanan kung:

- Maaari kayong magtrabaho dahil nakinabang kayo sa isang bokasyonal na pagsasanay, o mga makabagong natuklasan sa medikal na paggagamot o bokasyonal na teknolohiya;
- Nagkamali kami sa isang paunang desisyon para magbigay o ipagpatuloy ang inyong mga benepisyo sanhi ng kapansanan.
- Hindi ninyo sinusunod ang pagpapagamot na inutos ng inyong doktor (nang walang mabuting dahilan), at marahil ay makakapagtrabaho kayo kung sinundan ninyo ang uri ng paggamot;
- Nagbigay kayo sa amin ng isang hindi totoo o may panlolokong impormasyon sa aming paunang naging desisyon.
- Hindi kayo nakikipagtulungan sa amin, at wala kayong mabuting katuwiran sa hindi pakikipagtulungan; at
- Kayo ay nagtatrabaho at ang inyong average na buwanang kita ay ipinapakitang kayo ay nagsasagawa ng malaki-laking

uri ng trabaho. Ang halaga ng mga kinita na aming ikokonsidera ay malaki at may makabuluhang pagbabago kada taon. Para sa mga pinakabagong bilang o halaga, sumangguni sa taunang (Publication No. 05-10003). Gayunman, ang situwasyong ito ay hindi makaka-apekto sa mga kabayaran ng Supplemental Security Income.

Kung magpasya kaming ihihinto ang inyong mga benepisyo sanhi ng kapansanan, at kayo ay di sumang-ayon, maaari kayong magsampa ng isang apela sa aming desisyon. Lyon ay nangangahulugan na maaari ninyong hilingin sa amin na suriin muli ang inyong kaso. Kapag nakatangap kayo ng liham na nagsasabi sa inyo tungkol sa aming desisyon, ang liham ay magsasabi sa inyo kung paano mag-apela sa desisyon.

Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa **www.socialsecurity.gov**. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification letter (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;

- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



Securing today
and tomorrow

Social Security Administration

Publication No. 05-10053-TL | July 2017

Paano Kami Nagpapasya kung Kayo ay Mayroong Kuwalipikadong Kapansanan pa rin
How We Decide if You Still Have a Qualifying Disability (Tagalog)

Produced and published at U.S. taxpayer expense

Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito